

## SO WHAT

- Bakit dinidiin ni Kristo na huwag nating habulin ang mga makamundong kayamanan (Lucas 12:15)?
- Bakit nais ng ating Panginoon na mag-ipon tayo ng kayamanan sa langit?
- Base sa aral na ito, alin ang sa tingin mo'y mas malaki: ang ipon mo sa langit o ang ipon mo sa lupa?

## NOW WHAT

- Suriin ang puso sa pagtanong sa sarili: "Saan naroroon ang aking kayamanan?" Ano sa tingin mo ang sinasabi ng Diyos sa iyo tungkol sa pagsasabuhay ng iyong natutunan?
- Sa anong mga paraan ka makakaipon ng kayamanan sa langit? Anong praktikal na hakbang ang matatahak mo ngayong linggo?
- Ang pinapahalagahan mo ay madalas kumakain ng karamihan sa iyong oras, lakas, at atensiyon. Mapagdasal mong suriin ang iyong mga pagpapahalaga at manindigang sumunod sa kung anumang ipakita ng Banal na Espiritu sa iyo.

## PRAYER

- Manalangin para sa pagbabago ng pananaw natin sa buhay, na mapagtanto natin kung ano talaga ang mahalaga sa kawalang-hanggan.
- Humiling ng karunungan sa Panginoon kung papaano pangasiwaan ang iyong pananalapi.
- Hanapin ang paggabay ng Diyos kung saan mo ipupuhunan ang iyong pera sa paraang makakatulong sa pagsulong ng kaharian ng Diyos dito sa lupa.

WEEK 1 **FILIPINO**

# Tapat na Naglilingkod



## NOTES

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

-----

## CONNECT

- Saan ka madalas bumibili ng damit? Bakit?
- Paano mo pinoprotektahan ang bahay mo laban sa mga magnanakaw?
- Anong prinsipyo ang sinusunod mo sa pangangasiwa ng pananalapi?



**VICTORY**

Karapatang Pag-aari © 2013  
 Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan. Ito ay hindi pinagbibili.  
 victory.org.ph

## WORD

<sup>19</sup>“Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan para sa inyong sarili rito sa mundo, dahil dito ay may mga insekto at kalawang na sisira sa inyong kayamanan, at may mga magnanakaw na kukuha nito. <sup>20</sup>Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw. <sup>21</sup>Sapagkat kung nasaan ang inyong kayamanan, naroon din ang inyong puso.” . . . <sup>24</sup>“Walang taong makapaglilingkod nang sabay sa dalawang amo. Sapagkat tatanggihan niya ang isa at susundin naman ang isa, o kaya’y magiging tapat siya sa isa at tatalikuran niya ang isa. Ganoon din naman, hindi kayo makapaglilingkod ng sabay sa Diyos at sa kayamanan.” MATEO 6:19-21,24

## WHAT

Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa mga pag-aari sa lupa at kung saan dapat itago ang ating kayamanan? Tuklasin natin kung papaano natin mapaglilingkuran ang Diyos sa pagsunod natin sa prinsipyong binigay ni Jesus sa atin.

### 1 Huwag mag-ipon ng yaman dito sa mundo.

“Huwag kayong mag-ipon ng kayamanan para sa inyong sarili rito sa mundo, dahil dito ay may mga insekto at kalawang na sisira sa inyong kayamanan, at may mga magnanakaw na kukuha nito.” MATEO 6:19

Ang kayamanan ay bagay na higit mong pinahalalagahan, bagay na pinakaimportante sayo, o bagay na kukunin mo kahit ano pa ang kapalit. Kahit na kalooban ng Diyos na tayo ay maging masagana (Jeremias 29:11) at hindi naman Niya ipinagbabawal ang materyal na pag-aari, kailangan nating suriin ang ating mga pag-uugali at pagpapahalaga sa kayamanan. Ano sa palagay mo ang pinakamalaki mong kayamanan? Anong mangyayari kapag inuna natin ang mga kayamanang hindi nagtatagal?

---



---



---



---

### 2 Mag-ipon ng kayamanan sa langit.

“Sa halip, mag-ipon kayo ng kayamanan sa langit, kung saan walang insekto at kalawang na naninira, at walang nakakapasok na magnanakaw.” MATEO 6:20

Sinasabihan tayo ni Jesus na siyasin ang kalidad ng kayamanang ating iniipon. Ang dapat nating pinapahalagahan ay hindi mga kayamanang madaling mawala kundi yung galing sa langit. At tulad ng kung papaano hinahabol ng mga tao ang mga makamundong kayamanan tulad ng katanyagan, suwerte, o kapangyarihan, ganoon din dapat ang paghabol natin sa makalangit na kayamanan. Huwag nating kaligtaan na tayo ay tagatanggap ng buhay na walang hanggan na nakamit ni Jesus sa krus. Kung iyan ang isasaisip, anong mga kayamanan ang madadala natin sa kawalang-hanggan sa langit?

---



---



---

### 3 Maglingkod sa Diyos, hindi sa pera.

“Walang taong makapaglilingkod nang sabay sa dalawang amo. Sapagkat tatanggihan niya ang isa at susundin naman ang isa, o kaya’y magiging tapat siya sa isa at tatalikuran niya ang isa. Ganoon din naman, hindi kayo makapaglilingkod ng sabay sa Diyos at sa kayamanan.” MATEO 6:24

Sinasamba ng mga tao ang kanilang pinapahalagahan at nakaranggo ito ng sadya o lingid sa kanilang kaalaman. Sabi sa Bibliya na imposible ang paglingkuran ang Diyos at materyalismo ng sabay. Inaasahan ng Diyos ang buong katapatan at walang pasubaling pagsamba sa Kanyang bayan. Ano ang mga palatandaan na sinasamba natin ang isang bagay o tao? Bakit nararapat sa ating buong pagsamba ang Diyos?

---



---



---



---